Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 1 - Module 5: Linggo 3

### Pagiging Mapanuri sa Pamamagitan ng Pagsangguni sa Taong Kinauukulan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan –Modyul 5: Linggo 3: Pagiging Mapanuri sa Pamamagitan ng Pagsangguni sa Taong Kinauukulan**
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – isip.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Niña B. Macababat |
| **Editor:** | Maria Fe C. Tayong |
| **Reviewers:** | Jane C. Agpalza<br>Janette P. Cabaya<br>Phebe S. Antiquina, PSDS |
| **Illustrator:** | Julius T. Bucar |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Schools Division Superintendent* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Yeselucio N. Patriarca Jr., EPS - EsP<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan - Modyul 5 Linggo 3:

### Pagiging Mapanuri sa Pamamagitan ng Pagsangguni sa Taong Kinauukulan

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan, kolehiyo, at unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ano ang Modyul na ito*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa mga mag-aaral upang maipapamalas ang pag-uunawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng lakas na loob, mapanuring pag-iisip, pagkabukas isip, pagkamahinahon, responsable at pagmamahal sa katotohanan na magpapalaya sa anumang alalahanin sa buhay ng tao bilang kasapi ng pamilya.

Ang modyul na ito ay ginawa para sa dalawang araw na gawain ng mga bata.



### *Mga tala para sa Guro*

Nagagabayan ng guro ang mga mag – aaral sa pagtuklas at pagsuri ng katotohanan sa pamamagitan ng pagsangguni sa taong kinauukulan.



## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Nakapagsusuri ng katotohanan sa pamamagitan ng pagsangguni sa taong kinauukulan.



## *Paano matuto sa Modyul na ito:*


Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |

| | | |
|---|---|---|
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

Bago mo simulan ang pag-aaral na ito, sagutin ang sumusunod na tanong upang mabatid mo kung anu-ano ang iyong nalalaman tungkol sa paksang ito:

Lagyan ng tsek ( / ) ang hanay kung tama ang pahayag, at ekis ( x ) kung hindi.

| Mga pahayag: | Marka |
|---|---|
| 1. Isasangguni ko sa aking mga magulang ang mga impormasyon na aking narinig o nabasa. | |
| 2. Magtatanong ako sa mas nakatatanda tungkol sa mga palabas na napapanood. | |
| 3. Hindi ako mahihiyang magtanong sa guro kung mayroon akong hindi naiintindihan. | |
| 4. Gagawin ko kung anuman ang nasa aking isipan kahit hindi sigurado sa nakalap na impormasyon. | |
| 5. Bago ako gumawa ng hakbang, isasangguni ko muna ito sa taong mas may alam. | |
| 6. Itatanong ko sa aking mga magulang kung bakit ayaw nila akong manood ng mga programang may karahasan. | |
| 7. Magtatampo ako sa mga magulang dahil hindi nila ako pinapayagang manood ng mga programang pangmatanda. | |
| 8. Tuwing may nababasa akong patalastas sa **bulliten board** agad ko itong itatanong sa aking guro. | |
| 9. Kung may mababasa ako na balita at hindi ko masyadong naiintindihan, isinasangguni ko ito sa aking nakatatandang kapatid. | |
| 10. Bago inireport ni Arian sa buong klase ang nakalap na balita ay isinangguni muna niya ito sa kanyang mga magulang. | |

| Leksyon 2 | Maging Mapanuri Ako |
|---|---|

Ang pagiging mapanuri  at masiyasat sa mga naririnig na balita sa radyo o nababasa sa pahayagan ay makakatulong sa tamang pagpapasya.

Ang salitang mapanuri ay tumatalakay sa pagiging masiyasat sa mga bagay na bago sumang- ayon ay masusuri ng lubos para mapagpasyahan ng buong pagpapahalagang desisyon.

Ang pagtatanong sa mga kinauukulan ay nagbibigay linaw at katuwiran sa mga nababasa at napapanood na mga balita o impormasyon.

Paano kaya natin dapat suriin ang mga balitang ating napapakinggan o naririnig?



## *Balikan*

Bago mo simulan ang pag-aaral na ito, suriin ang sumusunod na tanong upang mabatid mo kung ano-ano ang iyong nalalaman tungkol sa nakaraang aralin:

Direksyon: Isulat sa patlang ang salitang MAGALING kung ang pahayag ay tama, SURIIN kung sa palagay mo ay hindi tama.

__________ 1. Gagayahin ko ang eksenang nakita sa telebisyon kahit hindi ito kaaya-aya.

__________ 2. Ikakalat agad ang mga balitang nakalap sa telebisyon kahit nakasisira nang dangal ng ibang tao.

__________ 3. Kikilatisin ko nang maayos ang mga programang palabas sa telebisyon.

__________ 4. Manonood ako palagi ng mga programang may karahasan.

__________ 5. Suriing mabuti kung anong programa sa telebisyon ang tamang panonoorin.

## *Tuklasin*

Suriin ang kuwento



Tuwing araw ng Linggo ang pamilya ni Khmer ay nanonood ng telebisyon. Masaya nilang pinanonood ang palabas na pambata. Pagkatapos ng programang pambata ay inilipat ito ng kanyang ama upang manood ng balita, nang biglang lumabas ang patalastas na SPG nagtaka si Khmer kung bakit palagi niya itong nakikita tuwing mag-uumpisa na ang isang palabas.

Naisipan ni Khmer na itanong sa kanyang ama ang ibig sabihin nito. “Papa, ano po ang ibig sabihin ng SPG?”, Tanong ni Khmer sa kanyang ama. Nagtataka man ang kanyang ama sa tanong ng anak ay kanya pa rin itong sinagot. “Anak ang ibig sabihin ng SPG Striktong Patnubay at Gabay, na ang ibig sabihin kailangan kayong gabayan ng mga magulang o mas nakatatanda sa panonood ng mga programa dahil mayroon itong ipinapalabas na hindi kaaya-aya para sa mga bata na katulad mo. Kailangan ipaliwanag ng mga magulang o mas nakakatanda ang mga eksenang hindi nararapat panoorin nang mga bata”, ang masinsinang sagot ng kanyang ama.

“Naintindihan mo ba anak ang sinabi ng iyong ama?” ang tanong ng kanyang ina. “Opo mama, naintidihan ko po ng mabuti” sagot ni Khmer.

“Mabuti, kaya ang dapat na panonoorin ng mga batang katulad mo ay ang mga programang pambata lamang dahil hindi ito nagtataglay ng mga eksenang hindi ninyo dapat napapanood”. Dagdag ng kanyang ina.

Mula noon ay naiintindihan at malinaw na kay Khmer ang kahulugan ng SPG at ang kahalagahan ng paggabay ng mga magulang o mas nakatatanda sa mga batang manonood.



## *Suriin*

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang ginawa ng mag- anak tuwing araw ng Linggo?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Ano ang una nilang pinanood? Ang pangalawa?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3. Tama ba ang ginawa ni Khmer sa pagtatanong sa mga magulang? Opo o Hindi po? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Dapat bang sumangguni sa mga magulang sa mga impormasyon na nakalap? Bakit? Ipaliwanag.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

_____________________________________________________________

5. Kung ikaw ay mayroong naririnig o nababasang balita, dapat mo ba itong isangguni sa taong kinauukulan? Bakit? Ipaliwanag.

____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________



## *Pagyamanin*

Ang patnubay ng mga magulang, nakatatanda o mga kinauukulan ay makatutulong upang hindi maabuso ang pag-iisip natin lalong lalo na sa ating mga kabataan.

Piliin sa kahon ang kagawaran na dapat isangguni ang mga impormasyong makalap sa pagbabasa , pakikinig o panood ng balita. Isulat ang titik at sagot sa patlang.

A. Kagawaran ng Agrikultura
B. Kagawaran ng Kalusugan
C. Kagawaran ng Edukasyon
D. Kagawaran ng Baranggay
E. Kagawaran ng Pulisiya

1. Impormasyon o balita tungkol sa kalusugan.

   ______________________________________

2. Impormasyon o balita tungkol sa pagtatanim o pagsasaka.

   ______________________________________

3. Impormasyon o balita tungkol sa barangay.

   ______________________________________

4. Impormasyon o balita tungkol sa paaralan o edukasyon.

   ______________________________________

5. Impormasyon o balita tungkol sa kapayapaan at kaayusan.

   ______________________________________

## *Isaisip*

Ang pagsusuri ng katotohanan sa pamamagitan ng pag sangguni sa kinauukulan ay nagbibigay linaw sa ating haka-haka o kaisipan tungkol sa mga impormasyon na ating nakakalap.

Kompletuhin ang talata.


Panginoon, bilang bata tulungan mo po akong maging mapanuri sa mga impormasyon na aking naririnig, nakikita o nababasa upang______________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

Amen



## *Isagawa*

Isulat sa kwaderno ang sarili mong saloobin sa sumusunod.

Kung ikaw si Deo, paano mo masusuri ang katotohanan tungkol sa nakalap na balita?



## *Tayahin*

Sagutin ang sumusunod upang alamin ang iyong natutunan sa module na ito.

Lagyan ng tsek ( / ) ang kolum kung tama ang pahayag,  at ekis ( x ) kung hindi.

| Mga pahayag: | Marka |
|---|---|
| 1. Hindi nahihiyang magtanong sa guro si Elisa kung mayroon siyang hindi naiintindihan sa aralin. | |
| 2. Bago ko paniwalaan ang impormasyon na aking narinig ay isinasangguni ko muna ito sa taong may alam o kinauukulan. | |
| 3. Isinasangguni ko muna sa aking mga magulang ang mga impormasyon na aking narinig o nabasa. | |
| 4. Paniniwalaan ko agad ang impormasyong aking narinig kahit hindi sigurado sa pinanggagalingan nito. | |
| 5. Kung mayroon akong naririnig na mga impormasyon na hindi ko naintindihan isinasangguni ko ito sa mas nakakatanda. | |
| 6. Nagtatanong si Trishia kung anong palabas ang dapat niyang panoorin sa telebisyon. | |
| 7. Hindi ako magtatampo sa aking mga magulang kung hindi nila ako pinapayagang manood ng mga programang hindi kaaya - aya para sa mga bata. | |
| 8. Sumakit ang ulo ni Ralph kaya sumangguni siya sa kanyang ina kung anong gamot ang pwede niyang inumin. | |
| 9. Agad akong maniniwala sa palabas sa telebisyon dahil idol ko ang artistang nagsabi ng impormasyon. | |
| 10. Bago ipinasa ni Kim ang kanyang proyekto ay isinangguni muna niya ito sa kanyang kapatid kung tama ba ang impormasyon na kanyang sinulat. | |

## *Karagdagang Gawain*

Manood ng balita sa TV o makinig ng balita sa radyo. Tuklasin at suriin kung may katotohanan ba ito. Isangguni sa mga magulang o sa may kinauukulan. Isulat ang pahayag nito sa nakalaang guhit o linya.

## *Susi ng Pagwawasto*

| Subukin | |
|---|---|
| 1. / | 6. / |
| 2. / | 7. x |
| 3. / | 8. / |
| 4. x | 9. / |
| 5. / | 10. / |

| Balikan |
|---|
| 1.SURIIN |
| 2.SURIIN |
| 3.MAGALING |
| 4.SURIIN |
| 5.MAGALING |

| SURIIN |
|---|
| 1. Nanonood ng telebisyon |
| 2. programang pambata |
| 3. Oo, para maintindihan niya ito (tanggapin ang ibang sagot) |
| 4. Oo dapat, upang malaman ang tamang panonoorin na programa (tanggapin ang ibang sagot) |
| 5. OO, para maintindihan ang pinapanood (tanggapin ang ibang sagot) |

| Pagyamanin |
|---|
| 1. B |
| 2. A |
| 3. D |
| 4. E |
| 5. C |

| Tayahin | |
|---|---|
| 1. / | 6. / |
| 2. / | 7./ |
| 3. / | 8. / |
| 4. x | 9. x |
| 5. / | 10. / |

***Reference:***


Abac, F. E. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Amoyen, G. A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

, Antiquiera, J. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Bringas, H. A. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon,

Capati, G. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Caraan, M. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Castillo, R. A., (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon,

Catapang, R. B. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Gonzales, I. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Ortega, N. S. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Pandiño, M. S. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Reyes, A. M. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

Soriano, P. R. (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao 4. Unang Edisyon. Kagawaran ng Edukasyon

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615